Australian Government
Department of Human Services

Paano kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa naging desisyon?

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa naging desisyon ng iyong mga karapatang bayad, mayroon kang karapatang humingi ng pagrerepaso ng desisyon.

Makakahingi ka ng pagrerepaso ng desisyon tungkol sa iyong mga bayad at diskwento, o pagtatasa ng child support sa pamamagitan ng pagsulat, pagtawag o pagpunta sa isa sa aming mga service centre.

Hindi kami nagdidiskrimina sa aming mga kustomer na ginamit ang kanilang karapatan sa pag-aapela.

Makipag-usap sa amin

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa isang desisyon, dapat mo kaming kontakin. Susuriin namin ang mga detalye at ipapaliwanag ang desisyon. Magbibigay ito sa iyo ng pagkakataong maitama ang mga hindi napagkaintindihan at maglalabas ng bagong impormasyon.

Humingi ng isang pagrerepaso

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa naging desisyon, makakahingi ka ng isang pagrerepaso. Ipapadala namin ang usapin sa isang tagarepasong opisyal na hindi kabilang sa nagdesisyon at maaari naming baguhin ang desisyon kung ito ay mali.

Makakahingi ka ng pagrerepaso ng alinman sa pamamagitan ng:

- pagtawag sa amin
- tingnan ang *Review of a Centrelink decision form*, punuan ito, iprinta at ipadala sa koreo sa alinmang service centre,
- pagbisita sa isang service centre.

Ang tagarepasong opisyal ay:

- makikipag-usap sa iyo tungkol sa desisyon hangga’t maaari
- titingnan ang mga pinagbatayan, ang batas at patakaran
- babaguhin ang desisyon kung ito ay hindi tama, **at**
- mag-aabiso sa iyo sa pamamagitan ng sulat tungkol sa resulta ng pagrerepaso.

Administrative Appeals Tribunal

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa ginawang desisyon ng tagarepasong opisyal, sa karamihang mga kaso, ang susunod ay makakahingi ka ng pagrerepaso ng Administrative

Appeals Tribunal (AAT). Kung ang desisyon ay tungkol sa ABSTUDY o Assistance for Isolated Children (at hindi tungkol sa utang), o tungkol sa pangkanayunang bayad na ex-gratia, maaaring may ibang proseso ng pagrerepaso at pag-aapela.

Ang AAT ay isang independiyenteng tribunal. May kapangyarihan itong magpabago ng mga desisyon ngunit alinsunod lamang sa batas at pagkatapos marepaso ang usapin ng tagarepasong opisyal. Mayroong dalawang baitang ng pagrerepaso sa AAT. Kung hindi ka sang-ayon sa resulta ng unang pagrerepaso ng AAT, makapagsasalang ka ulit ng pangalawang pagrererepaso sa AAT.

Dapat kang mag-aplay sa unang pagrerepaso ng AAT sa **loob ng 13 linggo** matapos maiparating sa iyo ang desisyon ng tagarepasong opisyal. Kung ang iyong kahilingan para sa pagrerepaso ay lampas na sa 13 linggo matapos kang abisuhan at ang desisyon ay binago, matatanggap mo lamang ang iyong karapatang bayad mula sa petsa ng paghingi mo ng pagrerepaso.

Kung hindi ka sang-ayon sa resulta ng unang pagrerepaso ng AAT, makapagsasalang ka para sa pangalawang pagrerepaso ng AAT. Dapat kang mag-aplay ng pangalawang pagrerepaso sa AAT sa loob ng 28 araw matapos mong matanggap ang desisyon sa unang pagrerepaso ng AAT.

Walang bayad sa paglalagak ng aplikasyon sa AAT. Hindi ka namin matutulungan sa mga gastos mo sa paghahabol ng pagrerepaso sa AAT. Hindi maipapabalik sa iyo ng AAT ang mga gastusin kung ikaw ay naging matagumpay at sa kabilang dako naman, ikaw ay hindi kakailanganing magbayad sa mga gastos namin kung ikaw ay hindi naging matagumpay.

Para sa karagdagang impormasyon o para humingi ng pagrerepaso, ikaw ay:

- makakatawag sa **Freecall™ 1800 228 333**
- makakatungo sa **aat.gov.au**

Matapos kang makapaglagak ng aplikasyon sa AAT, kami ay maglalagak sa AAT ng isang pahayag ng mga dahilan para sa naging desisyon at lahat ng may-kinalamang mga dokumento ng kagawaran. Tatanggap ka ng kopya ng pahayag at mga dokumento.

Ang AAT ay maaaring magpatawag ng komperensya na kung saan makakausap mo ang aming kinatawan. Sa komperensyang ito, ang AAT ay maghahanap ng paglilinaw sa mga usapin at kung maaari, ay reresolbahin ang usapin na parehong nasisiyahan ang magkabilang mga partido.

Kung ang usapin ay hindi maresolba, bibigyan ng AAT ang bawa't partido ng pagkakataong magpakita ng ebidensya at pagtalunan ang kaso, Ito ay maaaring sa isang pampublikong pagdinig.

Ang mga desisyong ginawa ng AAT ay may-bisa sa magkabilang mga partido. Alinman sa dalawang partido ay maaaring mag-apela sa desisyon ng AAT sa mga Hukuman, ngunit tungkol lamang sa pambatas na katanungan.

Mga Pag-aapela sa Hukuman

Ang pag-aapela laban sa desisyon ng AAT tungkol sa katanungang pambatas ay isinasagawa sa Federal Court. Pinakahuli, ang desisyon ng buong Federal Court ay maaaring i-apela sa High Court, kung bibigyan ka ng High Court ng Special Leave para mag-apela sa High Court.

Hindi libre sa bayad ang mga pag-aapela sa hukuman, ngunit maaari mong mapatanggal ang bayarin sa paglalagak at mapababa ang mga gastos kung haharap ka para sa iyong sarili. Kung hindi matagumpay ang iyong pag-aapela, kakailanganing bayaran mo ang mga naging gastos namin. Kung matagumpay ang iyong apela, maaaring kami ang magbabayad sa naging mga gastos mo.

Ang isang aplikasyon ay dapat ilagak sa Federal Court Registry sa loob ng **28 araw** na natanggap mo ang nakasulat na desisyon ng AAT's, bagama't kung minsan ay tinatanggap pa rin kahit huli na ang aplikasyon sa ilang matatanggap na mga kalagayan.

Ang mga kinakailangan sa Hukuman ay karaniwang mas pormal kumpara sa AAT. Para sa karagdagang impormasyon, maaari kang:

- kumontak sa Federal Court Registry sa iyong estado o teritoryo
- magtungo sa **fedcourt.gov.au**
- humanap ng tulong pambatas.

Tulong Pambatas

Maaari kang magkaroon ng legal na kinatawan, pero hindi naman kailangan, sa alinmang yugto ng sistema ng pagrerepaso at pag-aapela.

Makakakuha ng libreng payo at tulong mula sa:

- **welfarerights.org.au**
- **nationallegalaid.org**

Karagdagang Impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa naging desisyon tungkol sa iyong mga karapatang bayad:

- bisitahin ang **humanservices.gov.au/reviewsandappeals**
- tumawag sa **131 202** para may makausap na tao sa wikang Tagalog
- bumisita sa isang service centre.

Australian Government
Department of Human Services

What if you do not agree with a decision?

If you do not agree with a decision about your entitlements, you have the right to ask for a review of the decision.

You can ask for a review of a decision about your payments and rebates, or a child support assessment, by writing to, calling or visiting one of our service centres.

We do not discriminate against customers who exercise their right of appeal.

Talk to us

If you would like more information about a decision, you should contact us. We will check the details and explain the decision. This gives you a chance to correct misunderstandings and present new information.

Ask for a review

If you do not agree with a decision, you can ask for a review. We will forward the matter to a review officer who has not been involved in the decision and can change the decision if it is wrong.

You can ask for a review by either:

- telephoning us
- viewing the *Review of a Centrelink decision* form, filling it in, printing it and posting it to any service centre,
- visiting a service centre.

The review officer will:

- talk to you about the decision where possible
- look at the facts, the law and policy
- change the decision if it is not correct, **and**
- advise you in writing about the result of the review.

Administrative Appeals Tribunal

If you do not agree with the decision made by the review officer, in most cases you can then seek review by the Administrative Appeals Tribunal (AAT). If the decision is about ABSTUDY or Assistance for Isolated Children (and not a debt), or about a rural ex-gratia payment, there may be a different review and appeal processes.

The AAT is an independent tribunal. It has the power to change decisions but only according to the law and only after a review officer has reviewed the case. There are two levels of review by the AAT. If you do not agree with the outcome of the AAT first review, you may be able to apply for an AAT second review.

You should request an AAT first review **within 13 weeks** of being notified about the review officer's decision. If your request is more than 13 weeks after being notified and the decision is changed, you may only receive your entitlement from the date you requested the review.

If you do not agree with the outcome of the AAT first review, you may be able to apply for an AAT second review. You should request an AAT second review within 28 days of receiving the AAT first review decision.
There is no charge for lodging an application to the AAT. We will not assist you with costs you may incur in pursuing a review by the AAT. You cannot be awarded costs by the AAT if you are successful and in turn you cannot be required to pay our costs if you are not successful.

For more information, or to request a review, you can:

- phone **Freecall™ 1800 228 333**
- go to **aat.gov.au**

After you have lodged an application to the AAT, we will lodge a statement of reasons for the decision and all relevant department documents to the AAT. You will receive a copy of the statement and documents.

The AAT may hold a conference at which you can talk to our representative. At this conference, the AAT will seek to clarify the issues and, if possible, resolve the matter to the satisfaction of both parties.

If the matter is not resolved, the AAT will give each party the opportunity to present evidence and argue their case. This may be in a public hearing.

Decisions made by the AAT are binding on both parties. Either can appeal an AAT decision to the Courts, but only on a question of law.

Court appeals

An appeal against an AAT second review decision on a question of law is made to the Federal Court. Ultimately, a full Federal Court decision can be appealed to the High Court, if the High Court grants you Special Leave to appeal to the High Court.

Court appeals are not free, but you may have the lodgement fee waived and keep costs down by representing yourself. If your appeal is unsuccessful, you may have to pay costs we have incurred. If your appeal is successful, we may have to pay your costs.

An application should be lodged with the Federal Court Registry within **28 days** of receiving the AAT's decision in writing, although a late application might still be accepted in some circumstances.

Court requirements are usually more formal than the AAT. For more information:

- contact the Federal Court Registry in your state or territory
- go to **fedcourt.gov.au**
- seek legal assistance.

Legal assistance

You can, but do not have to be, legally represented at any stage of the review and appeals system.

Free advice and assistance is available from:

- **welfarerights.org.au**
- **nationallegalaid.org**

More information

For more information about what to do if you do not agree with a decision about your entitlements:

- visit **humanservices.gov.au/reviewsandappeals**
- call **131 202** to speak to someone in your language,
- visit a service centre.